Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKALAWANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-11 NG ENERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
3.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
4.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
5.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
6.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
7.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
8.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Mga Di-Dumalo:

1.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
2.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikang ng Ikalawang Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-11 ng Enero, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

KAPASIYAHAN BLG. 7-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN NA KUMIKILALA SA SOCIO-NEGOCIO CREDIT COOPERATIVE BILANG ISANG LEHITIMONG KOOPERATIBA SA BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, ang Socio-Negocio Credit Cooperative ay nakapagsulit ng mga kinakailangang pangsuportang kasulatan/ dokumento upang kilalaning lehitimong kooperatiba na may pahatirang sulat sa bayan ng Santa Rosa at wala ng anumang dahilan o balakid upang ipagkait ang pagpapatupad ng anumang programa at gawain pangkabuhayan para sa kagalingan ng bawa't kasapi ng samahan.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagkilala sa Socio-Negocio Credit Cooperative bilang isang lehitimong kooperatiba sa bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

received by:
1-19-95